

PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OFFICE

News and Information Bureau

**MALACAÑANG PRESS BRIEFING HOSTED BY PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OFFICE (PCO)
ASSISTANT SECRETARY DALE DE VERA WITH DEPARTMENT OF INTERIOR AND LOCAL GOVERNMENT
(DILG) SECRETARY JONVIC REMULLA, NATIONAL CAPITAL REGION POLICE OFFICER DIRECTOR (NCRPO)
POLICE BRIGADIER GENERAL ANTHONY ABERIN, AND PHILIPPINE NATIONAL POLICE ANTI-KIDNAPPING
GROUP (PNP-AKG) DIRECTOR COLONEL ELMER RAGAY**

FEBRUARY 26, 2025 [1:07 P.M. – 1:40 P.M.]

PCO ASEC. DE VERA: Magandang hapon, Malacañang Press Corps. Welcome sa ating press briefing ngayong araw, February 26.

Makakasama natin ngayon sina Department of the Interior and Local Government Secretary Juanito Victor “Jonvic” Remulla; National Capital Region Police Office Director, Police Brigadier General Anthony Aberin; at Philippine National Police Anti-Kidnapping Group Director Colonel Elmer Ragay.

Good afternoon, gentlemen. Secretary...

DILG SEC. REMULLA: Magandang hapon po sa inyong lahat. Nandito po kami para isaad ang nangyari ukol sa isang kidnapping case sa isang estudyante mula sa isang prestigious international school sa Taguig City. Ito po ay naganap noong February 20, approximately 3:45 in the afternoon ay nagbigay-alam ang magulang na ang anak nila na-dismiss ng 2:40 P.M. ay hindi pa nakakauwi. Subsequently, nahanap ang abandoned Everest vehicle sa off-ramp ng southbound ng C-5.

After which, he was only considered a missing person but assumed to be a kidnapping case. The next day, Feb. 21, nag-report ang parents. Subsequently sa San Rafael, Bulacan nahanap ang isang vehicle na nandudoon iyong driver ng bata na murdered. The driver of the child was found murdered inside another vehicle.

In that vehicle yielded information regarding the syndicate which operates in this manner. Now, the contents of that include pictures, conversations, cellphone numbers, strategies, casings of how they would do the job. Now, the driver is already deceased so he cannot be considered a person of interest. However, the vehicle where he was found yielded evidence.

Subsequently, a demand ransom of 20 million US Dollars was made; ito po ay hiningi at tinanggihan ng magulang. Pagkatapos po noon, noong Sabado ay naglabas po ng video na iyong bata ay pinuputulan ng daliri. Noong kinalingguhan ay nagkaroon na naman ng conversation, ito po ay humingi ang magulang ng proof of life – iyong proof of life ay pinakita iyong bata na kumakanta ng paboritong awitin ng kaniyang nakababatang kapatid. Kumanta iyong bata, nakangiti naman at mula sa video na iyon ay mukhang in good health.

Noong Lunes ay nag-yield na ang AKG ng positive results out of the evidence found ng nagpi-ping na ng signal ang mga cellphone ng mga abductor. You have to understand that this group is very sophisticated. Iyong tawag nila at kung nasaan iyong bata ay magkahiwalay na lugar pero ang daming numerong naiwan doon.

Kahapon, simula noong early afternoon ay na-detect ang signal ng isang sasakyan na nanggaling doon sa listahan ng cellphone ng driver. Habang nangyayari iyon ay gumawa na sila ng hot pursuit operation. Let me make it clear na hindi nila alam kung anong sasakyan iyan, nakuha lang nila ang numero and they were tracing the signal. At approximately 8 P.M., they were a few hundred meters away from the cellphone na gumagalaw. And in that pursuit, a few minutes after, in the Parañaque area may nakita silang isang bata na naka-pajama na nakatayo sa gitna ng kalye na may benda ang kamay.

The choice was pursuing the vehicle or securing the child. Obviously, ang AKG, inuna iyong bata! Kinuha iyong bata, dinala sa ama at ni-reconcile namin lahat. Nag-a-identify naman, nakita na iyong bata ay pinutulan ng daliri mula sa kanan, kanan mula dito sa dulo. Iyong bata ay matapang, hindi siya umiiyak; masayang nakita ang kaniyang magulang, ang ama ay nataranta. Dinala namin iyong bata sa ospital, nagkaroon ng maikling debriefing at ngayon ay nakahiwalay na iyong pamilya.

Let me make another point clear: A ransom demand went from 20 million dollars to one million dollars to no ransom being paid by the family. I would like to congratulate the AKG, the NCRPO for their vigilant efforts in chasing after this. This is a function of effective policing. Ginamit nila ang kanilang resources, lahat ng kanilang human resources, intelligent sources para matukoy kung nasaan ito.

Let me make it clear, hindi pa tapos ito *[technical problem]* ...ng POGO. Uulitin ko, ito ay resulta ng POGO. We suspect na ang biktima ay galing sa pamilya na nag-o-operate ng POGO dati. We are definite na ang sindikato na nasa likod ng kidnapping ay former operators ng POGO din. We are definite na ang perpetrators ay ginamit ang kanilang mga former bodyguards na AWOL na ngayon sa serbisyo ng AFP at PNP – AWOL, so they are no longer in service.

So, we are sure that the syndicate is still here in the country. We will make sure that they will be neutralized at the soonest possible time. We will make sure that crime, that this kind of crime will not pay at sisiguraduhin namin na ang katarungan ay mabibigay sa pamilya ng biktima.

Let me make another thing clear. In this year, there have been eight kidnap cases in the country. This year, this is the 8th. Seven out of eight were solved—tama ba ako, ano ba ang statistics natin?

COL. RAGAY: Five of the eight, sir. However, lahat po na-release na. All of the victims have been released and we are still investigating three out of the eight cases, sir.

DILG SEC. REMULLA: This puts an end to the chapter on the child. He is safe. He is secured and relatively healthy. But this does not end with the retrieval and the rescue of the victim. The operations will continue, sisiguraduhin namin na hindi kami titigil hanggang matugis namin ang lahat ng mga responsable dito. Thank you very much.

PCO ASEC. DE VERA: Thank you. We're now opening floor for questions. Chona Yu, People's Journal.

CHONA YU/PEOPLE'S JOURNAL: Sir, good afternoon. Can you tell us more sa background nitong syndicate na ito? Is this the first time na nasangkot sila sa kidnapping or involved din sila eight cases na recorded ngayon sa PNP?

COL. RAGAY: Yes. First and foremost po, magandang hapon po sa ating lahat. Colonel Ragay po, the newly designated Acting Director of Anti-Kidnapping Group.

Now, ang tinitingnan po natin dito is a former group na na-involve na sa previous kidnapping incidents led by Chinese. I-withhold na lang po natin muna iyong pangalan pero may mga nahuli na tayong tao niya in the past – particularly in 2003, may mga nakuha na po tayo but there are those that are still at large and may mga kasama po silang Pilipino. So, as our secretary has said po, ongoing po ang effort natin, continuous follow up operation. We do have identities that we are tracking as of now.

CHONA YU/PEOPLE'S JOURNAL: But in this particular case, sir, may naaresto na po ba sa mga suspect?

COL. RAGAY: Wala pa po. Wala pa po but as I have said, sinabi na rin po ng ating secretary, we know them and we are going after them po.

CHONA YU/PEOPLE'S JOURNAL: And gaano, sir, kalawak iyong operation ng sindikato na ito – gaano sila kalaki, ka-well equipped?

COL. RAGAY: We have trace cases basing from last year nakapag-operate po sila dito sa Metro Manila area up to Angeles City and hanggang further north po. So, basically, Luzon area po iyong target nila.

CHONA YU/PEOPLE'S JOURNAL: Mostly Chinese po ba and POGO—?

DILG SEC. REMULLA: Mostly foreigners ang ano nila.

COL. RAGAY: Opo.

DILG SEC. REMULLA: It is mostly Chinese against Chinese and one Korean. Kung may naaalala kayo na video na lumabas last year na may binaril sa isang restaurant na isang Chinese-to-Chinese na may kasamang babae tapos binaril sa Makati – iyong bumaril ang main suspect namin dito.

MARICEL HALILI/NEWS5: Magandang hapon po. Sir, paglilinaw lang: Kanina nasabi po ninyo na from 20 million, bumaba sa one million US dollars to no ransom. So, ano po iyong nangyari bakit—paano sila napapayag?

DILG SEC. REMULLA: There was never—No ransom! Malapit na ... alam nila na malapit na silang mahuli, and para ma-divert ang attention na hindi sila makuha, kasi ano ito eh, hot pursuit eh. It wasn't ...walang entrapment, walang checkpoints sa harap, walang CCTV camera. It was an instantaneous 10-minute

decision to chase after the signal. Noong nahuhuli na ay nakita na lang iyong bata. So, it was a choice between one vehicle securing the child or one vehicle going after the perpetrator. In this case, ang decision ng AKG ay kunin na iyong bata at siguraduhin na safe na siya.

MARICEL HALILI/NEWS5: Pero I understand, possible na may involvement sa POGO. Pero nalinaw na po ba natin ano kaya iyong naging motibo for kidnapping the—

DILG SEC. REMULLA: It's just money, iyon lang talaga. There's no revenge. There's no revenge; crime syndicate lang talaga.

IVAN MAYRINA/GMA7: Iyong nabanggit po ninyong eight cases this year, lahat po ba iyon ay walang ransom na naibayad?

COLONEL ELMER RAGAY: Hindi po. Mayroon pong instances na mayroong mga pamilya na nakapagbigay but through negotiation strategy, hindi naman po ganoon kalaki. Up to the time na ma-rescue natin iyong mga biktima, mayroon pong mga nakapagbigay, mayroon ding hindi.

There was case prior to this, involving a Korean national po, seemingly similar po iyong procedure. Noong papalapit na kami doon sa area, iniwan po iyong biktima na Korean. So, may precedence na po itong nangyari na ito. It has happened before.

IVAN MAYRINA/GMA7: And none of the eight victims in all those cases is a Filipino, lahat po ito ay foreigner ang biktima?

COLONEL ELMER RAGAY: Foreigner po.

PCO ASEC. DE VERA: Mayroon pong kasama na pahinante at drayber iyong ibang biktima na nakuha.

IVAN MAYRINA/GMA7: Pero ang target is obviously [unclear]

DILG SEC. REMULLA: Obviously, foreigner.

COLONEL ELMER RAGAY: Foreigner po.

DILG SEC. REMULLA: And sa nakikita namin, it is always foreigner against foreigner. Walang mastermind na Pilipino sa krimen na ito. Ito, again, ay sa aming matrix na nahanap, ito ay resulta ng POGO operations dito simula 2016 na nagkaroon sila ng lucrative means of livelihood, at since tinanggal sila dito at naiwan iyong iba ay dito na nila pinasok. Nag-rise up ito noong January pagkatapos isara ang lahat ng POGO, dito naman pumasok sila sa kidnapping.

IVAN MAYRINA/GMA7: Panghuli na lamang po sa akin. Hihingi lang po ako ng dagdag na detalye doon sa iniwang sasakyan kung saan natagpuan iyong pinatay na driver. Nabanggit po ninyo na nakapag-harvest kayo doon ng iba't ibang pieces of evidence. Ito ho ba, did they get sloppy or sinadya nilang iwan itong mga ito para makuha iyong mga numbers na tatawagan ng pulisya?

COLONEL ELMER RAGAY: I think they were in a hurry kasi po pati iyong other items such as iyong PNP uniform na athletic, ginamit po nila, naiwan doon. There were duct tapes that were left na puwedeng ma-process, makunan ng fingerprints, DNA samples, and various IDs po na nakuha. And matching that with, of course, the information extracted from the cellphones kaya po nasabi ng ating mahal na Secretary na we know them and we are going after them.

IVAN MAYRINA/GMA7: So, they got sloppy, sir?

COLONEL ELMER RAGAY: Yes, sir. Kahit isipin mo, sir, kahit sinong kriminal, hindi siya mag-iiwan ng trace kahit nagmamadali.

DILG SEC. REMULLA: Kasi dapat maintindihan na ang AKG natin ay equipped with the latest equipment to trace criminal elements. Noong nakahalata sila na sila ay nahahabol na, I think they had—sa palagay ko lang, they had a two-minute window to extract and to transfer, to leave to another vehicle kaya naiwan iyon. Same with the vehicle in C-5, iniwan iyon doon tapos umalis kaagad. Iyong pinag-alisan na iyon, iniwan kaagad sa San Rafael, lumipat na ng masasakyan.

Ang AKG kasi parang ano sila eh, they're equipped with all the surveillance equipment so ang means to access the signal ay madali para sa kanila. Alam natin na Chinese to Chinese ang crime na ito dahil ang communication ng magulang sa kidnappers ay through WeChat at Chinese ang kanilang usapan – Chinese to Chinese. So, nakikita ninyo talaga na hindi ito Philippine enterprise; talagang it is a criminal gang as an offshoot ng ... na remnants ng POGO operations dito.

HAYDEE SAMPANG/FBNC: Good afternoon, sir. Kung iku-compare lang po natin iyong dami ng cases po ngayon sa same period ng kidnapping last year, kumusta po?

COLONEL ELMER RAGAY: Consult ko lang po iyong statistics sa—okay, for last year po, we recorded a total of 32 incidents. Out of these 32 incidents, 17 were solved; seven were cleared; and eight are still under investigation. And that gives us a solution efficiency of 75%.

Kung iku-compare po natin is, January last year to January this year, January of last year, we recorded six; January of this year, we recorded four. But for the current month of February, we already have three. Hindi lang po ako sure how many iyong February last year.

So, ganoon po iyong naging trending and, hopefully, it would go down this year kasi po wala na nga pong POGO, prominent personalities are not that visible na po. But for last year, we did record 32 incidents.

HAYDEE SAMPANG/FBNC: May coordination po ba tayo sa mga schools, lalung-lalo na po sa mga prestigious schools kung paano po sila magbi-beef up ng kanilang security?

PCO ASEC. DE VERA: Opo. In collaboration with our local police rin po, in the case of ... dito, mayroon po kaming tie-up sa NCR, nagdi-disseminate po kami ng aming IEC (Information, Education and Communication) materials. And mayroon po tayong mobile team that can be tapped, they can go around ang render lectures and safety tips po.

POLICE BRIGADIER GENERAL ABERIN: Aside from that, sir, we have intensified our police visibility sa mga places na possible na puwedeng may mga victim ng ganito. And we have also intensified our presence sa social media. Nagpo-post po kami ng mga prime prevention tips po doon at sa mga technics para maiwasan po iyong mga ganitong pangyayari.

ALVIN BALTAZAR/RADYO PILIPINAS: Sir, good afternoon po. Sir, doon sa nai-record na kidnapping cases last year, ilan po dito iyong related sa POGO? Lahat po ba ng ano, iyong binanggit ninyo kanina, related sa POGO?

COLONEL ELMER RAGAY: Out of the 32 incidents last year, there were eight Chinese victims that were former employees po ng POGO. And for the current year, mayroon po tayong dalawa na pinaghihinalaan po natin reportedly na dating involved sa POGO operation.

ALVIN BALTAZAR/RADYO PILIPINAS: Secretary Remulla, I believe nagkaroon kayo ng meeting kanina ni Pangulong Marcos, any directive coming from the President about this incident? And other directive aside from these cases, mayroon pa bang ibang directive in relation with the anti-crime campaign?

DILG SEC. REMULLA: Well, in full knowledge na kasi ang AKG at ang NCRPO at ang buong police force sa sindikatang ito. We know the members. We have suspects. We have knowledge kung saan sila nakatira, saan ang hideout nila, saan ang safe house nila. So, expect that in the next few days ay mag-i-intensify kami ng drive para mahuli silang lahat.

ALVIN BALTAZAR/RADYO PILIPINAS: Secretary, doon sa ano, sa tanong ko na may directive ba sa inyo si Pangulo?

DILG SEC. REMULLA: That's exactly the directive. Kung in full knowledge nga, habulin ninyo na lahat iyan.

ALVIN BALTAZAR/RADYO PILIPINAS: Thank you po.

EDEN SANTOS/NET25: Sir, ito pong walong kaso na ito, maituturing ba nating malinaw na halimbawa na lumakas ulit iyong loob ng mga kriminal para gumawa ng mga ganitong heinous crime dito po sa bansa?

DILG SEC. REMULLA: Hindi naman. Nakikita lang natin, actually, na gumagaling ang PNP sa solution efficiency nila sa mga kasong ganito. Sa mga dati, tumatagal ito at madalas ay nauuwi sa namamatay ang biktima o nagbabayad ang mga pamilya. Ito, sinigurado namin na ni piso ay walang ilalabas.

DILG SEC. REMULLA: We ask them for patience hanggang makuha namin iyong bata. We have all the tools necessary to fight kidnapping but the biggest tool of all is the cooperation of the families – iyan ang pinakakailangan namin.

EDEN SANTOS/NET 25: Medyo kapuna-puna lang po medyo idinidiin ninyo lagi iyong POGO involvement noong ilang mga kaso ng kidnapping and iba't ibang crime. Ito po ba ay may tendency na isisi sa past administration since sa kanilang pamumuno o pamamahala nagkaroon ng mga POGO dito sa bansa?

DILG SEC. REMULLA: We have no aspersions to that effect. Ang sabi lang namin ay galing sa POGO. So, wherever they came from, whoever gave their licenses is immaterial to us. What is material is where they came from, who they are, what they used to do and what they're doing now.

EDEN SANTOS/NET 25: Thank you po.

KAT DOMINGO/ABS-CBN: Sir, good afternoon. Sir, you mentioned that some of the kidnappers or those involved in it are former members of the AFP and the PNP. How many former members are we talking about?

DILG SEC. REMULLA: We have to keep that confidential as of now. But we know who they are, the list is there pero hindi pa namin puwede ilabas.

KAT DOMINGO/ABS-CBN: Sir, even just a number?

DILG SEC. REMULLA: All of them are AWOL. I cannot give a number either. I'm sorry.

KAT DOMINGO/ABS-CBN: All right. Sir, may we confirm if this is the emergency that Marbil was talking about when his personnel used the EDSA Busway? Is the kidnapping case the emergency meeting that he was pertaining to?

DILG SEC. REMULLA: I was not with General Marbil at that time so only he can answer that.

KAT DOMINGO/ABS-CBN: Sir, but in an interview he said that you will be the one who will answer what emergency he was pertaining to. He was quoted in several articles.

DILG SEC. REMULLA: He was aware of the operations. We were in constant communication. I asked him to appear, so kung anuman ang methodology niya para papunta roon let me make it clear, I did not give instructions to violate any traffic laws to get there. But he was aware of the emergency.

KAT DOMINGO/ABS-CBN: Sir, moving forward, what is your directive for PNP officials, especially high ranking officials with regard to the use of the EDSA Busway, or on how to classify emergency situations? Kapag po ba nagpatawag kayo ng meeting na madalian would that be already constituted as an emergency in the future?

DILG SEC. REMULLA: Let me make it clear, kahit ako hindi ako gumagamit ng busway. We have a firm agreement with the MMDA that there is a zero-tolerance policy. Now, in case of this, kay General Marbil, if that were the case—because I was not aware until after, hindi naman ako in-inform pero he was aware of the emergency.

KAT DOMINGO/ABS-CBN: Last from my end, sir, you mentioned a zero-tolerance policy, what sanctions will be imposed against PNP officials whether in that incident or in future incidents na magba-violate sa EDSA Busway policy?

DILG SEC. REMULLA: Well, number one is the regular policy but number two, it will be investigated whether it is an abuse of authority or not.

VANZ FERNANDEZ/POLICE FILES TONITE: Sir, good afternoon. How will you rate the crime rate now in the NCR? How many percentage, is it higher than this time or lower?

DILG SEC. REMULLA: I think, General Aberin...

PBGEN. ANTHONY ABERIN: Actually, in the first 46 days of 2025 there is a decrease of almost 22 percent on crime incidence sa NCR compared to the same period last year.

VANZ FERNANDEZ/POLICE FILES TONITE: How about the kidnapping and mga crimes sa daan, mga pagnanakaw ng cellphone and then iyong mga akyat-bahay?

PBGEN. ANTHONY ABERIN: All of the robbery incidents and theft incidents went down, ang tumaas lang po is iyong carnapping at saka if my memory serves me right a little of homicide if I'm not mistaken. The rest po bumaba po lahat ng mga krimen compared to the same period last year

VANZ FERNANDEZ/POLICE FILES TONITE: So, how many percent?

PBGEN. ANTHONY ABERIN: Ang binaba po is 21.71 percent to be exact.

VANZ FERNANDEZ/POLICE FILES TONITE: Okay. Thank you, sir.

DILG SEC. REMULLA: Last two questions.

TUESDAY NIU/DZBB: God morning po, to Secretary Remulla, sir. Sir, sabi ninyo kanina General Marbil was aware of the operation, mayroon kayong constant communication doon sa operations at you asked him to appear doon sa emergency meeting but you did not order him to use iyong sa bus way. Is that a correct interpretation na siya iyong sakay noong sasakyan na dumaan sa bus way?

DILG SEC. REMULLA: Again, I was not aware of the incident. I think, dito unang pinag-usapan iyan eh when I arrived. I was not aware that he violated any of that until today when it was brought up. I was not aware that if he was in that vehicle that is being questioned. You have more information than I do but I am aware that I'd given him orders to proceed to our meeting [unclear].

TUESDAY NIU/DZBB: So, you are not confirming, sir, na siya iyong sakay?

DILG SEC. REMULLA: I cannot answer, I was not there. And we have not discussed that matter.

TUESDAY NIU/DZBB: Okay. Thank you, sir.

Q: Sir, mayroon na po ba tayo ng running tally ng election-related cases po sa bansa?

DILG SEC. REMULLA: Election-related violence? I'll get back to you on that. Constantly nag-a-update kami like the other day sa Mindanao may vice mayoral candidate na...so, let me get back to you on that I don't have the exact number.

Q: Thank you po.

MARICAR SARGAN/BRIGADA NEWS FM: Sir, clarification lang kung ilan po iyong grupo ng sindikato na binabanggit ninyo na nag-o-operate ngayon sa bansa na involved dito sa kidnapping ng mga foreigners?

COLONEL RAGAY: Actually, ma'am, we have a matrix that indicates at least five groups?

MARICAR SARGAN/BRIGADA NEWS FM: May timeline po tayo, sir, kung kailan dapat na malansag?

COLONEL RAGAY: Actually, we have already neutralized some of their members, itong mga at large po ang tinatrabaho natin. And of course, we would be filing the necessary cases and go after them through warrant of arrest.

MARICAR SARGAN/BRIGADA NEWS FM: So, lahat po sila sir, POGO related?

COLONEL RAGAY: Hindi naman po lahat, ma'am.

MARICAR SARGAN/BRIGADA NEWS FM: Kasama na po doon ang local o lahat po foreigners?

DILG SEC. REMULLA: Mostly foreigners.

COLONEL RAGAY: Mostly foreigners po, pero mayroon din tayong mga—kagaya ng sabi ko kanina may mga local tayong nabibiktima rin but not that many – almost 90 percent are foreigners.

MARICAR SARGAN/BRIGADA NEWS FM: Thank you po.

CHONA YU/PEOPLE'S JOURNAL: Sir, isang very, very quick. Did you not ask General Marbil to explain kung anong nangyari sa EDSA Busway since nababanggit na iyong pangalan niya?

DILG SEC. REMULLA: Again, I first read it from you. Talagang ayaw akong tigilan eh, 'no. I will ask him. Again, it is news to me that nangyari iyon. I have to confirm with him then I will ask for an explanation kung anong nangyari.

CHONA YU/PEOPLE'S JOURNAL: Sir, kaninang umaga pa iyong balita eh.

DILG SEC. REMULLA: Kaya nga, kasi kaninang umaga pa ako nagtatrabaho wala akong panahon na... I've been with the President since this morning then I had a briefing afterwards and I'm here then I have four more meetings after this. It's a busy day for a secretary so I cannot abreast of all of these.

CHONA YU/PEOPLE'S JOURNAL: Thank you, sir.

IVAN MAYRINA/GMA 7: General Aberin, sir, nabanggit ninyo bumaba po ng 21 percent but I think you would agree that along with the number of crimes kasing halaga din po iyong feeling of security ng publiko. Ngayon po may mga maiuulat na ganiyan – kinidnap iyong bata, pinutulan ng daliri and of course that creates a certain sense of fear and worry among the public. Ano hong masasabi ninyo sa publiko lalo't specially in social media these incidents tend to get highlighted and then it creates a feeling of insecurity among the people?

DILG SEC. REMULLA: Social media keeps the authorities honest. Before the advent of social media, the process of dissemination of information and propaganda was always on the government side. With social media now, it makes the government more responsive, more honest and more accountable. I am not against it, I welcome it, it keeps us sharper. And in conjunction with that, we will be bidding out the '911 Emergency System' by April 1, 2025 to be operational by June in the Greater Manila and Greater Cebu area and lined and rolled out within the year.

So, this I expect will decrease crime rate even more and also adding several more thousand CCTVs across the major urban areas to solve crimes faster.

Again, the public must be confident that the PNP is on top of the situation, hindi nagpapabaya ang PNP. The public must be confident that we have the tools necessary to fight crime. The public must be confident of the integrity of the people around me now, I vouch safe for them. They are doing a good job. The public must be confident that we will never let down our guard against criminality.

PCO ASEC. DE VERA: Thank you very much, gentlemen. Dito na po nagtatapos ang ating press briefing ngayong hapon. Maraming salamat, Secretary Remulla, Police Brigadier General Aberin and Colonel Ragay. Thank you, Malacañang Press Corps, at magandang hapon.

##